# MULA SA EDITOR

Sa panahon ng globalisasyon at ng malayang palitan ng impormasyon at kaalaman sa Internet, naaangkop maglaan ng espasyo kaugnay sa sarili nating mga teorya at karanasan upang hindi tayo tuluyang lamunin ng mga nagbabantang Kanluraning kaisipan. Bilang pagtugon sa ganitong pangangailangang magpahayag ng isipan, idea, at damdaming Filipino, minarapat ng Daluyan, sa pangunguna ng kaguruan at mananaliksik mula sa iba't ibang departamento sa Agham Panlipunan ang pagkakaroon ng isyu ukol sa Sikolohiyang Pilipino.

Malayo na ang narating ng Sikolohiyang Pilipino simula nang itinaguyod ni Virgilio Enriquez noong 1975. Sa loob ng unibersidad, hindi na kumukunot ang noo o nagtataka ang mga estudyante kapag binabanggit ito sa klase. Lalo ring walang nagtatanong ng "Ano yon?" o "Mayroon ba nun?" Sa katunayan, isa na itong asignatura sa antas batsilyer sa sikolohiya ng UP Diliman. Hindi na mabilang ang mga saliksik, thesis, at disertasyon na umuugat sa makabayang tunguhin sa pag-aaral ng sikolohiya.

Marami na ang kumukuha ng kurso at marami ang nakakikita ng halaga ng pag-aaral nito na umuugnay at umuugat sa karanasan ng mga Pilipino.

Patunay nga na walang salitang Ingles na direktang magsasalin ng mga halagahang Pilipino na tulad ng loob, kapwa, pagkatao, o pagbabangong-dangal na nakabatay sa kaisipan, damdamin at karanasang Pilipino. Hindi kayang isalin nang mauunawaang mabuti ng isang banyaga ang mga katagang "Masama ang loob ko" sa Ingles. Kahit bali-baliktarin ang diksiyonaryong Ingles, wala itong direkta o katugmang-katugmang salita.

Dagdag pa rito, marami ring mga salita buhat sa ating mga rehiyunal na wika na nag-uugnay sa damdamin, pag-iisip, pang-unawa, at iba pang mga dalumat sa kaisipan na nangangailangan pa ng pag-aaral batay sa layunin at pilosopiya ng Sikolohiyang Pilipino.

Makikita kung gayon na daluyan nga ang wika ng kultura't karanasan ng mga Filipino. Kaya't mahalaga ang mga saliksik at panayam na nasa isyung ito sapagkat ginagagap nito ang usapang Pilipino na nakabatay sa ating sariling isipan, danas, at kamalayan natin bilang isang bayan.

Ang pagsulong ng Sikolohiyang Pilipino ay pagsulong ng kamalayan ng bayan. At inaasahang sa hinaharap, ito'y magiging matibay na salik sa pagsusulong ng karapatan, kaalaman, at kagalingan ng bayan.

Eugene Y. Evasco
Will P. Ortiz
**Mga Editor**